
3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Malasakit sa May mga Kapansanan



CO_Q2_EsP3_Module2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Malasakit sa May mga Kapansanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Genelly A. Priagola

**Editor:** Althea S. Llameg, Arlene U. Lastimoso, Arlene C. Mariano

**Tagasuri:** Gemma T. Mijares, Rhenan H. Nisperos, Guillesar P. Villarente
Chomadith Loian J. Hechanova, Rolibeth M. Labadia

**Tagaguhit:** Daryl L. Escobar

**Tagalapat:** Marco R. Abellon, Emmanuel S. Gimena Jr.

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Lorenzo E. Mendoza, Felix I. Antecristo, Ernie E. Agsaulio, Nelia Q. Madelo, Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ________________________
**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Malasakit sa May mga Kapansanan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy

## *Alamin*

Matututuhan mo sa modyul na ito ang isa pang paraan ng pagpapakita ng malasakit sa kapuwa. Ito ay ang pagpapakita ng malasakit sa may mga kapansanan na nararapat na taglayin ng isang batang katulad mo.

Nakapaloob sa modyul na ito ang aralin na may pamagat na "Mga May Kapansanan: Bigyan ng Tulong at Pagkakataon". Pagkatapos mo itong mapag-aralan, inaasahan na magagawa mong magpakita ng malasakit sa mga may kapansanan sa pamamagitan ng:

1. pagbibigay ng simpleng tulong sa kanilang pangangailangan;

2. pagbibigay ng pagkakataon upang sumali at lumahok sa mga palaro o larangan ng isport at iba pang programang pampaaralan; at

3. pagbibigay ng pagkakataon upang sumali at lumahok sa mga palaro at iba pang paligsahan sa pamayanan. (EsP3P-IIc-e-15).

# Subukin

**Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa mga may kapansanan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba. Isulat lamang ang titik sa sagutang papel.

a. Tulungan ang batang pipi na matawag ang pansin ng drayber upang makababa siya ng sasakyan.
b. Hangaan ang angking talento at gawing inspirasyon.
c. Suportahan ang kaklase at tulungan sa tuwing nahihirapan sa pagkilos.
d. Hangaan ang kahusayan ng mga may kapansanan sa kabila ng kanilang kalagayan.

1. Isinilang na putol ang isang binti ng iyong kaklase. Ngunit sa kabila nito ay hindi siya nagrereklamo. Isa rin siyang matalinong bata at palaging nananalo sa paligsahan dahil sa angkin niyang katalinuhan.

2. Nakasabayan mong sumakay sa traysikel ang batang pipi. Gusto na niyang bumaba sa nadaanan ninyong simbahan ngunit hindi naintindihan ng drayber ang ibig niyang sabihin.

3. Nanonood ka ng isang programa sa telebisyon, may isang kalahok na nagpapakita ng kaniyang talento sa pagsasayaw kahit nakaupo siya sa **wheelchair**.

4. May ginanap na paligsahan ng mga may kapansanan sa inyong paaralan. Kahit nahihirapan ay kinaya nila.

# Aralin 1

# Mga May Kapansanan: Bigyan ng Tulong at Pagkakataon

Ang mga taong may kapansanan ay hindi iba sa atin. Nagiging limitado lang ang kanilang pagkilos dahil sa kanilang kapansanan. Ito ang dahilan kaya kailangan natin silang bigyan ng malasakit. Kinakailangan nila ang ating tulong dahil kulang sila sa pisikal na lakas. Sa kabila ng kanilang kalagayan, mayroon din silang taglay na mga talento. Kaya ipagkaloob natin sa kanila ang ating tulong at pagkakataon na maipamalas ang kanilang natatanging kakayahan.

## *Balikan*

Sa nakaraang modyul, napag-aralan natin ang pagpapadama ng malasakit sa kapwa na may karamdaman sa pamamagitan ng mga simpleng gawain na nagbibigay ng tuwa sa kanila. Nagagawa mo ba ang mga ito? Paano?

**Panuto:** Sa iyong sagutang papel, gumawa ng **graphic organizer** na katulad ng nasa ibaba. Kompletuhin ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga pamamaraan ng pagpapadama ng malasakit sa iyong kapuwa na may karamdaman. Ilagay din sa bawat pamamaraan kung ito ay nagawa na, ginagawa na, o hindi pa nagagawa.

Pamamaraan ng Pagpapadama ng Malasakit sa Kapuwa na May Karamdaman

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin ang salaysay.

### Espesyal Mamon si Mon

*ni Genelly A. Priagola*



Nakagisnan kong espesyal na mamon ang pabuya mula kina nanay at tatay kung may maganda kaming nagagawa sa bahay o sa paaralan. Sa tuwing matataas ang marka sa paaralan, nananalo sa mga paligsahan, o hindi kaya ay naging mabait lang kaming magkakapatid, tiyak na may masarap na mamon ang naghihintay pag-uwi sa bahay.

Lagi kong naririnig kina nanay at tatay ang mga katagang "espesyal mamon si Mon". Bata pa lang daw si Kuya Mon ay kakaiba na ang kaniyang itsura. Dikit-dikit ang kaniyang mga daliri sa dalawang kamay at mga paa. Hirap siyang humawak ng mga bagay dahil sa kondisyon niya. Nahihirapan din siyang maglakad kaya lagi siyang nakaupo sa **wheelchair**.

May kakaibang kondisyon si Kuya Mon. Maging sa paaralang kaniyang pinapasukan ay kakaiba rin si kuya, dahil hindi pangkaraniwan ang kaniyang talentong ipinamamalas. Siya ang pinakamahusay magpinta. Marami na siyang nagawa na nanalo sa mga paligsahan. Napaisip tuloy ako kung paano niya nagagawa iyon samantalang hirap siyang humawak ng mga bagay.

Sa tuwing magpipinta si kuya, ako ang tagahanda ng kaniyang gagamiting pintura at **paint brush**. Todo rin ang suportang ibinibigay ng aming pamilya sa kaniya. Sa kanilang paaralan ay lubos ang ibinibigay na pagkakataon sa kaniya upang sumali sa mga paligsahan.

Ipinagmamalaki siya ng kaniyang mga kamag-aral at mga guro. Isang yaman si Kuya Mon kung ituring naming lahat lalo na noong nanalo ang kaniyang obra sa Pambansang Paligsahan.

Kakaiba man ang kalagayan ni Kuya Mon, gantimpala naman siya sa amin, kaya espesyal mamon si Kuya Mon para kina nanay, tatay, at ng buong pamilya.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong tungkol sa nabasang salaysay. Isulat ang sagot sa papel.

1. Ano ang kakaibang kondisiyon ni Mon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________.

2. Paano pinakikitunguhan si Mon sa bahay, paaralan, at pamayanan?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________.

3. Bakit itinuturing na "Espesyal Mamon" si Mon?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________.

4. Kung kaklase mo si Mon, ano ang mararamdaman mo sa pagiging kakaiba niya?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________.

## *Suriin*

Ang mga taong may kapansanan ay bahagi rin ng ating lipunan na may mga karapatan tulad natin. Gayunpaman, may mga bagay na nahihirapan silang gawin dahil sa kanilang kalagayan. Kung kaya't nangangailangan sila ng pag-unawa, tulong, at malasakit.


Ang pagmamalasakit sa mga may kapansanan ay isang paraan ng pakikipagkapuwa-tao. Maipakikita ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng simpleng tulong sa kanilang pangangailangan, at pagbibigay ng pagkakataon na sila ay makilahok sa mga programang pampaaralan at pampamayanan.

# *Pagyamanin*


**Gawain**

**Panuto:** Basahin at intindihin ang mga sitwasyon. Gumuhit sa iyong sagutang papel ng puso sa bawat bilang. Kulayan ito ng pula kung sa iyong pag-unawa ay nagpapakita ito ng pagmamalasakit sa kapuwa na may kapansanan, at kulay itim kung hindi.


1. Nakita mo ang kulay berde sa ilaw-trapiko. Tumawid na ang lahat na naghihintay sa gilid ng kalsada. Napansin mo ang isang matandang nahihirapan sa pagtawid. Inakay mo siya at sabay kayong tumawid.




2. Nahihiya kang tumulong sa batang bulag na nadapa sa labas ng simbahan dahil gusgusin ito.




3. Dumaan ka sa eskinita at nakakita ka ng isang lumpo na Ale na nagtitinda ng masarap at malinis na kakanin. Gusto mo ang kakanin ngunit mas pinili mong bumili sa **mall** dahil ayaw mong lumapit sa aleng lumpo.



4. Bulag ang kaklase mo kaya alam mong hindi ka niya makikita kung kukunin mo ang kaniyang baon. Subalit mas pinili mong huwag itong gawin at bagkus ay tiisin na lamang ang iyong gutom.



5. Ginawa mong katuwaan ang panggagaya ng pagsasalita ng kaklase mong ngongo.



## *Isaisip*

Paano mo maipakikita ang iyong pagmamalasakit sa mga taong may kapansanan?

**Panuto:** Buuin ang pangungusap gamit ang mga salita na nakalagay sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Maipakikita ang iyong ______________________ sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng simpleng tulong sa kanilang ________________________, at pagbibigay ng _____________________na makilahok sa mga programang pampaaralan at pampamayanan.

| | | |
|---|---|---|
| pangangailangan | pagkakataon | pagmamalasakit |

## *Isagawa*

**Panuto:** Tingnan at suriin ang mga larawan. Sabihin kung anong uri ng kapansanan ang ipinapakita ng mga ito. Ibigay ang saloobin tungkol sa mga ito sa pamamagitan ng pagbuo ng parilala sa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang papel.




Maipakikita ko ang aking pagmamalasakit sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng ________________________ ________________________________________________.

# Tayahin

**Panuto:** Isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Sa paanong paraan makatutulong sa mga may kapansanan ang pagbibigay mo ng malasakit?
   A. Makapagpapagaan ito ng kanilang mga gawain at hanapbuhay.
   B. Makapag-iipon sila ng perang panggastos nila sa kani-kanilang mga luho.
   C. Magkakaroon sila ng malaking halagang pambili ng mga ari-ariang gusto nila.

2. Kung kapos ka sa pera at gusto mong tumulong, ano ang maaari mong maibigay sa mga kapuwang may kapansanan?
   A. Wala, dahil wala akong pera.
   B. Maaari kong ibigay sa kanila ang mga panis naming pagkain.
   C. Maaari kong ibigay ang mga bagay na hindi ko na ginagamit ngunit maaayos pa.

3. Nakita mong pinagtatawanan ng mga kaklase mo ang isang batang pilay. Hindi mo ito kayang ipagtanggol dahil mas malalaki pa sila sa iyo. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong?
   A. Hindi ko na lang sila papansinin.
   B. Aalis ako dahil maaari akong madamay.
   C. Huwag sumabay sa pagtawa at lalapit sa sinumang guro o matanda na maaaring makatulong.

4. May paligsahan para sa mga may kapansanang may kahusayan sa isports. Sang-ayon ka ba na bigyan ito ng halaga? Bakit?
   A. Oo, dahil wala naman akong pakialam sa kanila.
   B. Oo, dahil makapagbibigay ito sa kanila ng tiwala sa sarili.
   C. Hindi, dahil aksaya lamang ito sa pera at panahon ng mga tao.

5. Paano mo masasabing nangangailangan ng tulong ang mga may kapansanan?
   A. Kadalasan sa kanila ay tamad.
   B. Nanghihingi sila ng tulong sa mga kalye.
   C. Nalilimitahan ang kanilang paghahanapbuhay dahil sa kanilang kapansanan.

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumawa ng poster na nagpapahayag ng pagmamalasakit sa mga may kapansanan. Gawin ito sa **bond paper**.

# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain**

Magkaiba ang sagot ng mga bata.

**Tuklasin**

1. a
2. c
3. c
4. b
5. c

**Isagawa**

Magkaiba ang sagot ng mga bata.

**Isaisip**

pagmamalasakit

pangangailangan

pagkakataon

**Pagyamanin**

1. Pula
2. Itim
3. Itim
4. Pula
5. Itim

**Tuklasin**

Magkaiba ang sagot ng mga bata.

**Balikan**

Magkaiba ang sagot ng mga bata.

**Subukin**

1. c
2. a
3. b
4. d

# *Sanggunian*

Maria Carla M. Caraan et. al. *Edukasyon sa Pagpapakatao - ikatlong baitang: Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 71-78.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph